# Mahalaga Ka sa Diyos, Huwag Matakot

## NOTES

## WARM-UP

- Ikuwento ang mga pinaka-kawiliwiling balita na narinig mo ngayong linggo.
- Ano ang mga nagpapasaya sa 'yo? Bakit?
- Paano mo maipakikita sa iyong kapwa na mahalaga siya sa 'yo? Ano ang mga ginagawa mo?

## WORD

*8Malapit sa Betlehem, may mga pastol na nasa parang, at*
*nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa. 9Biglang*
*nagpakita sa kanila ang isang anghel ng Panginoon, at*
*nagningning sa paligid nila ang nakakasilaw na liwanag ng*
*Panginoon. Ganoon na lang ang pagkatakot nila, 10pero*
*sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot dahil*
*naparito ako upang sabihin sa inyo ang magandang balita*
*na magbibigay ng malaking kagalakan sa lahat ng tao.*
*11Sapagkat isinilang ngayon sa Betlehem, sa bayan ni Haring*
*David, ang inyong Tagapagligtas, ang Cristo na siyang*
*Panginoon. 12Ito ang palatandaan upang makilala ninyo*
*siya: makikita ninyo ang sanggol na nababalot ng lampin at*
*nakahiga sa isang sabsaban."* **LUCAS 2:8-12**

(Basahin din ang **LUCAS 2:13-20**.)

---

Noong panahon at kulturang ito, ang mga pastol ay bahagi ng mga pinakamababang miyembro ng lipunan. Madalang silang makita sa siyudad dahil kailangan nilang mag-alaga ng mga hayop. Subalit ang mga pastol ang pinaka-unang nakatanggap ng paghahayag ng kapanganakan ni Jesus, ang ating Tagapagligtas. Hindi lamang sinigurado ng Diyos na sila ang unang makaka-alam ng balita. Ipinanganak din si Jesus sa isang lugar kung saan hindi na kailangan ng permiso para mapuntahan ng mga pastol, ang kulungan ng mga hayop, at doon ay nakahiga Siya sa isang sabsaban. Sa araling ito, ating titingnan ang tatlong paraan kung paano ipinakita ng Diyos na tayo ay mahalaga sa Kanya.

## 1 Magandang Balita

*10. . . pero sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot dahil*
*naparito ako upang sabihin sa inyo ang magandang balita na magbibigay*
*ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. 11Sapagkat isinilang ngayon sa*
*Betlehem, sa bayan ni Haring David, ang inyong Tagapagligtas, ang*
*Cristo na siyang Panginoon."* **LUCAS 2:10,11**

Ang mga Israelita ay hindi lamang napatalsik sa Babilonia mula sa kanilang mga sariling bahay. Sila ngayon ay nasa ilalim ng Emperyo ng Roma maging sa kanilang sariling lupain. Ang mga Israelita ay walang sariling bayan. Ang kanilang pag-asa ay nasa parating na Hari at Tagapagligtas. Ang balitang natanggap ng mga pastol ay isang mabuting balita. Ito ang pinakamagandang balitang natanggap nila. Ang Pasko ay panahon ng mabuting balita dahil ito ay panahon ng pagdiriwang para sa pangako na natupad at sa ating Hari at Tagapagligtas na ipinanganak. Ano sa palagay mo ang naramdaman ng mga pastol at paano sila tumugon sa narinig na mabuting balita?

............................................................

............................................................

## 2 Malaking Kagalakan

*[10]. . . pero sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot dahil naparito ako upang sabihin sa inyo ang magandang balita na magbibigay ng malaking kagalakan sa lahat ng tao."* **LUCAS 2:10**

Hindi lamang nagsabi ng mabuting balita ang anghel sa mga pastol. Siya ay nagdala ng mabuting balita na nagbunga ng malaking kagalakan. Pinatotohanan niya na may matutupad dahil sa mabuting balitang ito. Katulad ito ng kaibahan sa pagsabi ng, "mabuting balita, ito na ang oras ng panganganak mo" at ng "sobrang saya, matagumpay ang operasyon." Ang kuwento ng Pasko ay tungkol kay Cristo na Panginoon, na ipinanganak na Hari at Tagapagligtas para sa lahat ng tao. Sinasabi ng anghel sa mga tao, sa mga hindi tanggap sa lipunan, na siya ay may dalang mabuting balita na magdadala ng malaking kagalakan sa kanila. Paano ka naligtas at paano ito naging oras ng labis na kagalakan? Paano mo ibinabahagi ang kagalakang ito sa iba?

## 3 Pagpupuri sa Diyos

*[13]Pagkatapos magsalita ng anghel, biglang nagpakita ang napakaraming anghel at sama-sama silang nagpuri sa Diyos. Sinabi nila, [14]"Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!" . . . [20]Bumalik sa parang ang mga pastol na labis ang pagpupuri sa Diyos dahil sa lahat ng kanilang narinig at nakita, na ayon nga sa sinabi ng anghel.* **LUCAS 2:13,14,20**

Sina Zacarias na isang pari, Maria na dalagita, at Jose na karpentero ay sinabihan na ang katuparan ng pangako ng Diyos sa Israel ay darating na. Sa bahaging ito ng kuwento, sinabihan ng anghel ang mga pastol na magbigay karangalan sa Diyos dahil ang Tagapagligtas ay ipinanganak na! Ang kapanganakan ni Cristo ang magandang balita, at nagdala ito ng napakalaking kagalakan sa mga pastol na nakarinig ng mabuting balitang ito. Ang mabuting balita, ang kuwento ng Pasko, ay itinakdang magdala ng kapayapaan at labis na kagalakan anuman ang ating sitwasyon. Dahil sa labis na kagalakang ito, ang mga pastol, at tayo, ay dapat na magbigay karangalan sa Diyos bilang paghahayag ng ating kasiyahan. Ang ganap na wakas ng kuwentong ito ay ang karangalan ng Diyos. Paano nagbigay ng karangalan ang mga pastol sa Diyos? Paano mo Siya maparangalan, ngayon at sa lahat ng araw?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na mahalaga ka sa Diyos, at ang mabuting balita ng Pasko ay para sa iyo? Gusto mo bang mas malaman ang kwento ng Pasko at kung paano ito makaka-apekto sa buhay mo?
- Ngayong alam nating mahalaga tayo sa Diyos, paano nito maaapektuhan ang ating pamumuhay at pagdarasal? Paano tayo nito matutulungan na huwag matakot?
- Paano tayo magiging daluyan ng pag-ibig at kagalakan sa ating mga pamilya at kaibigan ngayong kapaskuhan? Paano magiging paraan ang Pasko upang maipangaral natin ang ebanghelyo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa mabuting balita ng kaligtasan. Pasalamatan Siya sa Kanyang pag-ibig at sa kagalakan at pag-asa na mayroon tayo sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang makita na ang Kanyang pagmamahal ay nasa iyo anuman ang iyong sitwasyon. Hingin sa Kanya na tulungan kang maipakita ang pagmamahal na tulad ng ibinigay Niya sa iyo ngayong kapaskuhan.
- Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng pagmamahal ng Diyos sa iyong mga kaibigan at kapamilya ngayong kapaskuhan, at na maipakita mo sa kanila kung bakit sila mahalaga sa Diyos, at kung ano ang ginawa Niya upang maipakita ito sa sabsaban at sa krus.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph